

*Muling inendorso ni Pangulong Duterte ang kandidatura ni QC Vice Mayor Joy Belmonte para mayor at Konsehal Gian Sotto, para bise ng lungsod.*

# JOY B, PINASALAMATAN SINA DIGONG, SARA AT INC SA PANGUNGUNA SA SURVEY

Lubos na pinasasalamatan ni QC City Vice Mayor at mayoralty bet Joy Belmonte sina Pangulong Rodrigo Duterte, Davao City Mayor Sara Duterte, Iglesia Ni Cristo at iba pang grupo sa suporta kung kaya't patuloy na nangunguna sa pinakahuling survey ilang araw bago ang eleksyon.

Sa isang independent survey RP-Mission and Development Foundation Inc. (RPMD Inc.) noong Mayo 4-8, tumaas pa sa 65 percent ang voter preference ni Belmonte, mula sa 60 percent noong nakaraang survey sa kabila na 30 percent lamang ang katunggali na si Cong. Vincent Crisologo, at 3 percent si Ismael Mathay III.

Ayon kay Belmonte, nakatulong sa kanyang pagiging top choice sa mga survey ang kumpiyansa sa kanya ng mga residente ng QC at suporta sa kanya ng iba't ibang grupo.

Bilang kaalyado ng Hugpong ng Pagbabago (HNP) ni Inday Sara,nagpasalamat din si Belmonte sa Hugpong para sa pag-udyok sa mga tagasuporta nito na mas palakasin ang kayang kandidatura sa QC, kasama na rin ang buong tiket ng kanyang local party na Serbisyo sa Bayan Party (SBP).

***-Angie dela Cruz-***